ACTIVITY

A. Kumpletuhin ang crossword puzzle



Pahalang

2. namahala sa buong lupain ng Egypt
6. mag-imbak, magtago
7. pinalagay ni Joseph sa lagayan ng bunsong kapatid
9. marami, labis sa kailangan
10. lugar na pinupuntahan ng mga tao para makabili ng pagkain

Pababa

1. anak ni Jacob na hindi niya pinasama sa pagbili ng pagkain
3. kapatid na naiwan sa kulungan
4. panahon na kulang ang pagkain
5. ginawa ni Joseph sa mga kapatid na nagkasala sa kanya
8. bilin ni Jacob na dalin ng magkakapatid para sa gobernador sa kanilang pagbabalik sa Egypt

KEYWORDS:

sagana	Joseph	handog	Benjamin	pinatawad
kopa	Egypt	magipon	taggutom	Simeon

B. Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang gawain ni Joseph bilang tagapamahala at gobernador ng Egypt?

_____

_____

2. Bakit kinailangan papuntahin ni Jacob ang mga anak sa Egypt?

_____

3. Bakit nagawa ni Joseph na patawarin ang kanyang mga kapatid sa kabila ng masamang ginawa nila sa kanya?

_____

_____

Nakita natin sa kuwento ang lubos na pagtitiwala ni Joseph sa kapangyarihan ng Diyos. Maraming hindi magandang nangyari sa buhay ni Joseph bago siya naging tagapamahala at gobernador ng Egypt. Ang muling pagkikita nila Joseph at ng kanyang mga kapatid ay pagkakataon na sana upang siya ay gumanti. Ngunit dahil naniniwala si Joseph na ang lahat ng nangyari sa kanya ay kalooban ng Diyos, hindi naging mahirap para sa kanya ang patawarin sila. Gaya ni Joseph, tayo ay dapat matutong magtiwala ng lubos sa Diyos sa lahat ng pagkakataon lalo na kung may mga pangyayari sa ating buhay na parang mahirap tanggapin o masama sa ating paningin. Tandaan natin na ang mga pagsubok ay niloloob ng Diyos na mangyari dahil may layunin Siya sa ating buhay.

C. Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga tanong.

Nabalitaan ng pamilya Mendoza na direct hit ang kanilang lugar ng darating na super typhoon. Kaya naman ang buong pamilya ay naging busy sa kani-kanilang naka-assign na gawain upang paghandaan ito. Bagamat naghanda ang pamilya, kinailangan pa rin nilang lumikas at manatili sa

evacuation center sapagkat tumaas ng tumaas ang tubig sa kanilang lugar at pinasok na ang mga kabahayan doon. Maraming kagamitan sa bahay at mga pananim ng pamilya ang nasira. Sa evacuation center napansin ng mga kapit-bahay nila ang pagiging masayahin ng pamilya. Sa halip na sila ay manlugmok at magreklamo, kasama sila na tumutulong sa mga volunteers na magbigay ng pangangailangan ng mga biktima na naroon.

Nilapitan si Lisa ni Rose, (isa sa mga kalaro niya sa kanilang lugar) at nagtanong "Lisa, paano mo nakukuhang maging masaya sa kalagayan na meron tayo ngayon?" Sinabi ni Lisa na siya ay naniniwala na ang lahat ng nangyayari sa kanyang buhay (maging sa kanyang pamilya) ay kalooban ng Diyos. Naniniwala rin siya na may layunin ang Diyos para sa kanya sa bawat pagsubok na kanyang kinakaharap. Kaya naman lagi siyang nagdadasal na tulungan siya ng Diyos na maintindihan ito. At dahil sa pagtitiwala na iyon hindi na niya naiisip na malungkot o mag-alala pa.

Napangiti si Rose at nagdasal matapos marinig ito.

Mga tanong:

1. Bakit hindi bakas sa mukha ng pamilya Mendoza ang kalungkutan o pagrereklamo sa kabila ng kanilang sitwasyon?

   _____

   _____

2. Ano ang pagkakapareho sa paniniwala nila Lisa at si Joseph (mula sa Bible story)?

   _____

   _____

3. Anong ugali ni Lisa ang iyong natututhan at maaari mong gayahin?

   _____

   _____

Si Lisa at kanyang pamilya ay may lubos na pagtitiwala sa Diyos. Alam nila na ang Diyos ay makapangyarihan at may control sa lahat ng nangyayari sa kanilang buhay. Maging pagpapala man ito o pagsubok, ang lahat ng ito ay kalooban ng Diyos na mangyari sa kanila dahil alam nila na may layunin ang Diyos sa kanilang buhay. Ang mga batang tulad natin na nagtitiwala sa Diyos ay hindi dapat malungkot o mawalan ng pagasa sa tuwing may kinakaharap tayong pagsubok o paghihirap. Lagi nating tatandaan na ang mga ito ay pinagkakaloob ng Diyos na ating maranasan upang tumibay ang ating pagtitiwala sa Kanya. Kung magkaganoon, mahaharap natin ang Kanyang magandang layunin para sa ating buhay.

D. Memory Verse

Alam nating sa lahat ng bagay ay gumagawa ang Diyos para sa mabuti kasama ang mga nagmamahal sa kanya, silang mga tinawag ayon sa kanyang layunin. Roma 8:28